

PROLOGUE

“Mayday! Mayday! This is Cadbury of *Flight 104-B* requesting immediate back up, over!” Cadbury tried to keep her cool as she focused on the thickening fog that suddenly embraced her helicopter’s windshield.

Damn! Damn! Damn!

Hinatak niya paitaas ang collective lever ng helicopter para maibalik ang mataas na lipad niyon. She pulled the cyclic stick to tilt the rotor disk for a left turn. Susubukan niyang makabalik ng *De Calibre Mansions*. Napamura siya nang marinig na may nag-crack. Naramdaman niya ang pag-uga ng sinasakyang helicopter. She gasped.

“Okay, kaya ko ito. Kaya ko...”

She opted to carry on with the aft cyclic and budged the nose of the helicopter to pitch up. She slowed its movement and caused it to climb. She increased the collective power and maintained a constant airspeed. She needed to maintain a constant altitude. Kung hindi ay babagsak siya sa dagat. She tried to ignore the fright that seemed to envelope her senses. Hindi ito ang tamang panahon para mag-

panic siya. She inhaled deeply and calmed herself once again.

She stepped on the anti-torque pedals maintaining her balanced flight. She held the throttle, which was connected to the rotor by a transmission. Napalunok siya at napapikit. She cautiously twisted the throttle to maintain enough engine power to keep the rotor speed within allowable limits in order to keep the rotor producing enough lift for flight. She could not afford to loose her grip. She could not die!

Oh, good Lord!

She dragged the collective lever again until it started to break off. Napalakas yata ang hatak niya. For the first time in her career, she panicked. With the idea of death in mind, everything seemed to trail off her brain system. Napalunok ulit siya.

“Hindi pa ako puwedeng mamatay!” she screeched. Muli niyang kinuha ang radio phone at sinubukang kontakin ang kanilang data base. Napamura ulit siya nang biglang maputol ang linya.

“What the hell? Ngayon pa nawalan ng signal!” She furiously tossed the radio phone.

This can't be. Hindi ako puwedeng mamatay.

Muli niyang hinatak ang collective lever, pero sa pagkakataong iyon ay tuluyan na itong naputol. Noon siya nagsisi kung bakit pa niya ipinagpilitang gamitin ang old model helicopter niya para lang pumunta sa Isla Lapu-Lapu. She didn't heed her co-pilot's warning na maaaring dumating sa araw na iyon ang bagyong si Yeng.

She pressed the auto-hover button. Wala na siyang ibang maisip na paraan. Narinig niya ang malakas na pagbuhos ng ulan mula sa labas. Umaatake na ang super typhoon na si Yeng. Muntik na siyang mabuway nang eksaktong pagtayo niya ay biglang umuga ang helicopter. The wind outside was dreadful. Kumapit siya sa pilot seat at nanginginig na kinuha ang parachute sa katabing upuan. Napangiwi siya. She loved heights and was always thrilled with sky diving, but not during a thunderstorm like this!

She hastily put on the parachute. Pinagmasdan niya ang loob ng helicopter. She loved Charm— iyon ang pangalan ng kanyang first ever helicopter. Ipinilig niya ang ulo. It would be plain stupidity to choose Charm over her own life. Buong tapang siyang tumayo upang tunguhin ang pintuan. Binuksan niya iyon.

Sinampal siya ng malakas na hangin. Tila karayom

Beauty And The Beastly - Eunice Xyra

na tumutusok sa kanyang balat ang nagngangalit na patak ng ulan. Humigpit ang kapit niya sa pintuan. Pumikit siya at umusal ng maikling panalangin bago bumitiw sa pintuan at tumalon palabas ng helicopter.

Let me wake up after this, Lord.

As her trembling body touched the cold and salty sea water, everything went pitch black.

1

Sabay-sabay na napalingon ang mga bisita sa bagong dating. The woman was wearing a glistening gown in hot pink that was just an inch above her knees. It was a haltered ballerina dress with a puffy skirt. Tinernuhan nito iyon ng pink net stockings. Magulo ngunit classy ang French bun ng blonde nitong buhok. She looked like an untamed little pixie with her weird pink dress.

Nakakasilaw ang mga korteng puso na nakadisenyo sa strap ng suot nitong gown. Tila may sinasabayang musika ang marahan at eksaktong takatak ng suot nitong three-inch pink stilettos. Maarteng hinawi nito ang suot na face net na kulay pink din. Isang nakakaakit na ngiti ang umukit sa pinkish pouty lips nito nang biglang nahawing parang kurtina ang mga taong nakaharang sa daraanan niya. The pixie then let out a sexy smirk.

“Ano ba ’yan, para siyang naglalakad na pink Christmas tree.”

Dagling nagpanting ang mga tainga ni Cadbury nang marinig ang komentong iyon. Nag-isang linya ang mga mata niya at tinapunan ng matalim na

tingin ang nagbitaw ng mga salita. Huminto siya sa mismong tapat nito. She gave the critic a blatant threat. Literal itong nanginig at napayuko.

“Ako si Cadbury de Calibre, isang piloto na kilala sa buong mundo. You have no right to say any rude comments about me. Isa akong heredera ng mayamang isla at ng iba pang malalaking kompanya dito sa Pilipinas. So don't you belittle me with your ugly stare, you hag!”

No, hindi niya sinabi iyon. Pero iyon ang mensahe ng tinging ibinigay niya sa babae at sa mga kasamahan nito na napayuko rin.

Taas-noong ibinaling niya ang malamig na tingin sa bagong kasal. Isang masayang ngiti ang pumalit sa paniningkit ng kanyang mga mata.

“You are late.” Ang nag-aakusang tingin ng ama ang nagpalingon sa kanya.

“But I came. Also, Tatay, successful ang kasal ni Ate Liz because of me,” pagbibida niya.

Napailing na lang ang tatay niya. Ang kayamanan ‘daw’ nito ang dahilan ng masamang ugali niya. That had always been the line of those who hated her guts. She had been tagged as the *Dark Princess of the Elite*.

Sa tuwina ay ipinagkikibit-balikat niya lang iyon. It was far from the truth. And Cad didn't feel like she owed anyone an explanation.

“Please stop being a bad girl tonight, Cadbury.” Ang maamong mukha ng kanyang mommy ang sunod na nabungaran niya.

She smiled sweetly at her mother.

“Dahil napakaganda mo ngayon, Mommy,” binistahan niya ang silver *Versace* gown na suot nito, “palalagpasin ko ang sinabi mo na bad girl ako. And I'll try to be the sweetest girl tonight. Sana lang ay walang diabetic,” natatawang saad niya bago ito hinalikan sa pisngi. “Babatiin ko lang ang bagong kasal,” paalam niya.

Pakiramdam niya ay nasa center stage siya nang gabing iyon sa dami ng tao sa *De Calibre's Den*, ang glass walled mansion-cum-greenhouse ng kanilang angkan sa Isla Sandugo.

“Makukutusan talaga kita, Elise Xandria.” Nanggagalaiti na inisang lagok niya ang laman ng champagne flute na kinuha niya mula sa waiter na dumaan. Kung di lang magtatampo ang Ate Liz niya ay baka umalis na siya.

Being a De Calibre was indeed troublesome.

Lahat ng mali niya ay inililista ng mga intrigerong palaka na matagal nang naiinggit sa biglaang pamamayagpag ng kanyang pangalan at ng kanilang sariling airline—ang *De Calibre Falcon Flight*.

Siya ang executive manager ng nasabing airline. Nakuha niya ang control sa kompanya nang maka-graduate sa *London Metropolitan University*, isang sikat na flight school.

Siya ang tumayong maid of honor ng Ate Liz niya. Hindi kasi aabot ang Ate Ex niya sa entourage ng kasal ng kanilang panganay dahil may importanteng trabaho raw ito.

Napasimangot siya. Duda niya ay alibi lang iyon ng Ate Ex niya para makaiwas maging maid of honor. Boss ito sa pinapasukan.

Sinong boss ang hindi puwedeng um-absent sa trabaho, aber?

“Hey, Ate Cad! ’Musta ang eye candy ng mga bisita ngayon?” Nakangising lumapit sa kanya si Zaira, ang kapatid na laging missing-in-action.

Isa itong pasaway na singer slash rakista slash stage actress na wala yatang gustong gawin kundi libutin ang buong mundo. Once in a blue moon na lang nila itong nakikita.

“Mabuti’t nakadalo ka. Huwag mong sabihing ipinadala ni Tatay ang buong agency niya ng mga bodyguards para lang madala ka rito?” biro niya. Hinalikan niya ang pisngi nito.

“Para namang hindi ka rin tinakot ni Ate Liz para dumalo sa kasal niya.” Zaira rolled her eyes. “And please stop terrorizing the guests. Hindi na sila makagalaw at makapag-enjoy dahil sa ’yo. Mabuti na lang at wala pa si Ate Ex. Kung hindi ay baka kanina pa nagsiuwian ang mga bisita.” Tumawa ito.

“Ben!” Mabilis niyang iniwan si Zaira upang habulin ang nakababatang kapatid. Pang-apat ito sa kanila. He was the De Calibre’s first son—ang magpapatuloy sa lahi nila at tagapagmana ng kanilang mga kompanya. Whether it would be a privilege or a curse was left to be seen.

Pero natitiyak niyang hindi niya kailanman nanaising maging tagapagmana.

I therefore conclude it’s a curse.

“Not now, Ate Cad. I’m so not in the mood.” Humalik lang ito sa kanya at mabilis ding umalis. She bet he was going to escape the eyes of the public, too.

Yelo rin ang personalidad ni Ben, gaya ni Ex. Siya lang sa kanilang magkakapatid ang madalas na

humaharap sa mga tao.

“Ayt!” Nilapitan niya ang kanilang bunso. Magpapa-escort siya rito upang makaalis sa party na iyon.

Sorry, Ate Liz, kasalanan ito ni Lola Auring. Kung hindi kasi siya nagpatawag ng mga taga-media at mga etchuserang froglets sa kasal mo, eh, di sana mas masaya tayo.

“Hey, Ate! Kumusta?” nakangiting pambungad nito. Inalalayan siya ni Ayt na makaupo sa tabi nito. He sure was a gentleman. Ito ang pinakamalambing sa kanilang lahat. He was every girl’s dream guy. At madali itong hingan ng pabor.

“Terrible. Do you know where Ate Ex is?”

“I saw her a while ago. Para ngang nakakita ng multo, eh. Ni hindi niya ako pinansin kanina. Why?”

Natigilan siya. *So, Ate Ex is here, huh?* “Saan siya pumunta?”

“She went to the garden. Or baka bumalik ng *First Mansion.*”

May tatlong mansion doon. Nasa hugis tatsulok ang kinaroroonan ng mga mansion na nagsilbing bakod para sa *De Calibre’s Den* na nasa gitna ng mga

iyon. It was in a small island that their family owned. One fourth lang yata ang hindi sa kanila. Ipinamigay kasi noon iyon ng kanyang Lolo Benedicto, ang dating gobernador ng Isla Sandugo na asawa ng kanyang Lola Auring, sa mga maralitang nasa kabilang isla. Her grandmother used to be the mistress of their mansions. Pero mukhang papalitan na ito ng kanyang Ate Liezel.

“You think so?” Nagkibit-balikat lang ito bilang sagot. She pursed her lips. “I’ll go check on her.”

Tumayo na siya at iniwan ang kapatid. Hindi pa man nakakalayo ay pinalibutan na ng mga babae ang kanilang bunso. Napailing siya. *Kaya nagiging playboy, eh.*

Sa bawat nalalakaran niya ay napapayuko ang mga tao. Bihira lang ang mga nagtatangkang banggain siya. Ang mga mangilan-ngilang sumubok na pantayan ang katarayan niya ay laging napapahiya sa huli. Spoiled siya sa Lola Monica niya na isang renowned lawyer. Ito ang resbak niya.

Maarteng tiningnan niya ang mga babaeng nadaanan. She gave them a what-are-you-looking-at glare. Kapag may umismid sa kanya ay makakatikim talaga. Nang mapayuko ang mga iyon ay natawa siya. Malakas at nang-aasar na tawa.

“Hoy, Cadbury De Calibre! Stop terrorizing my guests,” pasigaw na saway ng Ate Liezel niya.

Nilingon niya ang nakangiting kapatid.

“Ate, congratulations! Oh my gosh, you look stunning. Bagay pala sa ’yo ang gown na binili namin ni Ate Ex.” Sinugod niya ito ng yakap at hinalikan sa pisngi. “Congrats, Bayaw. Sana ay matagalan mo ang kaadikan ng ate ko. Tignan mo naman, talagang nagpakulay pa ulit ng pulang buhok para sa kasal ninyo,” she teased after kissing her brother-in-law’s cheek.

“Gusto ko lang ipaalam sa mundo na minahal ako ng asawa ko kahit na pula ang buhok ko. He loved me for who I am.” Kinikilig na niyapos ng ate niya ang braso ng asawa.

She froze. The image of a gorgeous man flashed in her mind. *Bakit biglang lumitaw sa isip niya ang Boy Nognog na iyon?* Dinagsa ng laksa-laksang inis ang kamalayan niya.

“Huwag ka munang umalis, Cadbury. I’ll introduce you to my best friend,” ani Robin.

“You won’t try and play Cupid, Bayaw, will you?” Tinaasan niya ng kilay ang sabay na pagtawa ng bagong kasal.

“Oh, he’s here.” Umangat ang kamay ni Robin at may kinawayan sa likuran niya.

Sa di niya malamang dahilan ay biglang kumabog ang dibdib niya. *Weird.*

“Pare!” tawag ni Robin.

Maarteng hinawi niya ang kanyang pink face net. She would give the guy her famous nerve-racking stare. Tingnan niya lang kung hindi ito manginig sa takot. Sa naisip ay kusang humulas ang nakakalokong ngisi sa mga labi niya.

Matchmaking pala, ha?

“Robin, Liezel, congratulations,” bati ng bagong dating.

But that husky voice unexpectedly gave her a cold stroke down her spine. Pakiramdam niya ay binuhusan siya ng malamig na tubig. Dahan-dahan siyang pumihit upang harapin ang tinawag. Para lang mapanganga sa bisita.

Him!

“Cad, I would like you to meet my best friend Arty. Arty, this is Cadbury, my wife’s younger sister. Siya iyong naikuwento ko sa ’yo na piloto. She had an accident two months ago.”

“At nawala siya nang mahigit isang linggo which made everybody think she died from the accident,” nakangising dugtong ni Arty.

Namutla siya. Pasimple niya itong pinandilatan. Lalo lang lumawak ang ngisi nito.

Oh, I'm so gonna kill you, you bastard!

“How did you know that?” takang tanong ng Ate Liezel niya.

Naikuyom niya ang mga palad. She had to escape. She had to run fast. Kailangan niyang lumayo kay *Boy Nognog* dahil baka hindi na siya makapagpigil at masakal niya itong bigla. How she hated that grin on his face!

“I heard it on the news,” simpleng sagot nito. “By the way, I’m Reynald Troy Evangelista. Arty for cute.” Mayabang pa nitong inilahad ang kamay sa kanya.

Lalo lang uminit ang ulo niya.

Sasapakin ko ba siya o tatadyakan? Argh!

Nagtataakang tiningnan siya ng Ate Liezel at ng bayaw niya nang hindi niya agad inabot ang nakalahad na palad. Mukhang napansin pa ng mga ito ang tinitimpi niyang inis. She exhaled. Napipilitang inabot niya ang kamay ng lalaki.

Fine! Alang-alang sa pangako ko kay Mommy.

Napasinghap siya nang tuluyang maabot ang palad nito. Once again, she felt that electrifying feeling. His grin grew wider. Pinisil niya ang kamay nito. Sinigurado niyang bumaon ang matutulis niyang kuko sa likod ng palad nito. His flinch made her smile. Mabilis niyang binawi ang kamay.

Buti nga sa 'yo! Sana dumugo!

“Pleasure,” she said poignantly.

“The pleasure is mine.” He gave her a very sensual stare.

The thing she would never forget—his stare. It made her lose her senses one time in her life. Napalunok siya. Nakita niya ang pag-angat ng gilid ng mga labi nito.

Those sensual lips...

Ang mga labing iyon na minsang nanalasa sa pobre niyang katawan. She could still remember how those lips lingered on her skin. How his skilled hands wandered on every curve of her body.

Napapikit siya.

Damn him!

Hindi niya napigilan ang pagragasa ng init sa buo niyang pagkatao. She suddenly felt like bursting. Tila balewala sa kanya ang lamig ng aircon sa loob.

Hanggang ngayon ba... Manyak! Bastos!

“Are you okay?” nag-aalalang tanong ni Liezel. “You look pale. Masama ba ang pakiramdam mo?”

“Baka naiinitan lang siya. How about I take her somewhere else para...” Tinitigan siya ni Arty na parang nang-aakit. “Para mawala ’yang init na nararamdaman mo?”

Sa isang iglap ay kusang dumako ang palad niya sa mukha nito.

Sapul!

“How dare you!” Galit na itinulak niya ang binatang hindi nakahuma sa sobrang kabiglaan.

Kahit ang ate at bayaw niya ay hindi halos nakagalaw sa sobrang pagkabigla. Kanya-kanyang pagsinghap ang ginawa ng mga bisitang nakasaksi sa ginawa niya. Naiinis siya dahil tila nabasa ni Reynald Evangelista ang nararamdaman niya. Sigurado siyang kamanyakan ang ipinahihiwatig ng mga sinabi nito.

“Kulang pa ’yan sa ’yo! I could kill you now but that would be too easy. Sana masunog ka sa

impyerno!” Hindi pa nakuntento, kinuha niya ang isa sa mga nakapasong rose sa gilid at ibinato iyon sa binata.

Suwerteng nakailag ito. Napasigaw siya sa inis bago nagmartsa paalis.

“And where do you think you’re going?”

Hindi na lumabas pa sa mga labi niya ang inihandang sagot sa tanong nito dahil sinakop na ni Arty ang nakaawang na mga labi niya. Kasabay ng panlalaki ng mga mata niya ay ang mas malakas na pagsinghap ng mga tao sa paligid nila. Kusang umakyat ang mga kamay niya sa dibdib nito upang itulak ito. But he was too strong for her.

Pakawalan mo ako! Manyak!

Para siyang mawawalan ng ulirat. Ramdam na ramdam niya ang mapusok at mapagparusang halik nito. Ikinulong ng mga palad nito ang mukha niya, as if steadying her head to face him. Sinubukan niyang kumawala pero sa tuwing ginagawa niya iyon ay lalo lang nagiging malalim ang mga halik nito.

Ketek! Hindi bagay sa image ko ang makipaghalikan nang torrid sa harap ng mga tao! Manyak, pakawalan mo ako!

Beauty And The Beastly - Eunice Xyra

Pero alam niya sa sariling hindi ang image niya ang pinangangambahan niyang masira nang mga oras na iyon. Dahil aminado siyang ang katinuan niya ang masisira kapag nagtagal pa sila sa ganoong ayos. His hot kisses never failed to excite her. His touch was a libido-boiling curse that could make her lose her mind... again. She was gasping for air when he finally set her free.

“Next time you do that to me, I’ll make sure you forget your name... again,” makahulugang turan nito bago siya nilagpasan at iniwang hinihingal sa harap ng napakaraming tao.

She cursed under her breath as she put on her pink face net and walked away from the astounded crowd. Ni hindi na niya pinakinggan ang pagtawag ng Ate Liezel niya.

Magbabayad ang lalaking iyon.

2

Inis na tinakpan niya ang mukha gamit ang unan. She didn't want to hear anything—especially the ear-splitting wrath of her Ate Ex. Hindi pa man tuluyang sumisikat ang araw ay sinugod na siya ng mga kapatid para usigin at interogahin tungkol sa nangyari noong kasal ng Ate Liezel nila. Ni hindi man lang siya inantay na makabangon sa kanyang kama.

Kasalanan ito ng Boy Nognog na iyon. Kapag nakarating ang nangyari kay Harry, he's dead.

“Cadberritas! Bumangon ka riyan at harapin mo kami. What the hell happened last night? Nakipaghalikan ka raw sa best friend ni Kuya Robin?” nang-uusig na tanong ni Ex.

Ramdang niya ang galit nito. Hindi lang sa mga lalaki kundi mukhang pati na rin sa kanya. She almost rolled her eyes. Dahan-dahan siyang bumangon.

“Ate, hindi ako nakipaghalikan. That maniac kissed me!” katuwiran niya.

Sinalubong siya ng tatlong pares ng nang-uusig na mga mata. Kulang na lang ay maging pula ang mga iyon, para special effect. Napaismid siya. Mayamaya

ay nakita niya ang pagngisi ni Zaira. Binato niya ito ng unan. Natatawang umilag lang ito. She threw her sister a pointed look.

“Why did you have to whack Arty’s face? Alam mo bang hiyang-hiya ako kagabi sa asawa ko? Arty is his best friend for Pete’s sake!” sigaw ni Liezel. For the first time ay nagawa siya nitong sigawan.

Napayuko siya.

“Arty? Sino ba iyong Arty na iyon?” ani Zaira. Her sister’s look seemed to say that everything was going to be all right. Lihim siyang nagpasalamat na naroon ito nang araw na iyon. Nakahanap siya ng kakampi. She mouthed her ‘thank you’.

“He’s Reynald Troy Evangelista, the sole heir of *Evangelista Steel Company*. Sila ang nagmamay-ari ng isa sa pinakamalaking steel companies sa bansa. Ano na lang ang sasabihin ni Tito Vince kapag nalaman niya ang ginawa mo? God, Cadbury, hindi lang si Robin ang mapapahiya. Dahil si Tito Vince ay kumpare mismo ni Tatay. He’s Tito Azul’s brother!” tuluy-tuloy pa ring litanya ng Ate Liezel niya.

She gasped. Pero sa pagkakataong iyon ay hindi lang siya ang napasinghap. Mas malakas pa yata ang naging pagsinghap ng Ate Ex niya. Namutla rin ito

na tila ba nakarinig ng isang napakasamang balita. Nagtatakang nailipat ang atensyon nila rito.

“Yes, Ex, pinsan ni Red si Arty. Hindi ko ba nasabi sa ‘yo?” kumpirma ni Liezel.

Ang namumutlang mukha ni Ex ay biglang napalitan ng pamumula. Tiyak niyang dahil iyon sa galit. Hindi kaila sa kanila ang nakaraan nito at ng kapit-bahay nilang si Red. Silence cloaked her room. Maging si Liezel ay biglang nakaramdam ng kaba dahil sa galit sa mukha ni Ex.

“You’d better stay away from that Arty. Kulang pa ang ginawa mong pagsampal sa kanya. I’m warning you, little sister, ayokong malalaman na nakikipagkita ka sa lalaking iyon. Babaliin ko lahat ng buto mo sa katawan kapag sinuway mo ako. Stay away from that jerk. Ayokong matulad ka sa akin,” maanghang na babala nito.

Bigla siyang kinilabutan sa galit na nakita sa mga mata nito. Wala sa loob na napatango na lang siya. Ni hindi na nakasagot si Liezel dahil mabilis na nilisan ng Ate Ex niya ang kanyang kuwarto at iniwan silang pare-parehong laglag ang mga panga.

“You have to say sorry to Arty.”

Ang sinabing iyon ng Ate Liezel niya ang bumawi

sa pagkabiglang naramdaman niya kanina. Maang na napatitig siya rito. She gave her ate a horrified look.

“Ate?”

“You heard me. Kailangan mong mag-sorry kay Arty.”

“Pero, Ate!” Napatayo na siya.

“You ruined my honeymoon. Robin was appalled by what you’ve done last night. Kahit hindi niya sabihin ay alam kong nagulat siya sa nangyari. Arty was like a brother to him.”

“It was that jerk’s fault!”

“Kapag sinabi kong mag-so-sorry ka, mag-so-sorry ka.”

“Pero, Ate...”

“That’s an order. Hindi lang mula sa akin kundi mula na rin kina Mommy at Tay. At sa buong De Calibre Family.”

“Ayoko! It’s his fault, not mine,” giit niya. Bakit siya mag-so-sorry sa lalaking iyon? He deserved more than that.

“Nasa akin na ang kapangyarihan, Cadbury. Lola Auring said so. Ako na ang hahawak sa lahat

ng accounts ng pamilya natin. Ako na ang boss. I can cut all your allowances. I can even disown you if I want to,” banta nito.

“You are so unfair, Ate,” di-makapaniwalang anas niya. “How can you be so cruel? Itatakwil mo ako? Cut my allowance? Get my cards and cars?” Tumawa siya nang pagak. “You don’t even know the reason why I did that. You don’t know what really happened,” she accused. Hindi na niya itinago pa ang hinanakit rito.

“Bakit, ano ba ang nangyari sa inyo ni Arty?” Nakataas ang kilay na humalukipkip ang ate niya.

Tahimik lang na nakikinig si Zaira sa kanila. She froze. Makakaya ba niyang sabihin ang tunay na nangyari sa kanila ni Arty sa isla? Napipilan siya.

“Bakit hindi ka makasagot?” Bumuntong-hininga ito at napailing. “Do what I say, Cad.”

“Magagalit si Ate Ex.”

“I’ll take care of her.”

“Ate Lizzy, please don’t do this to me.”

“Unless you tell me the truth behind it, you’ll apologize to him.” Hindi pa rin siya nakasagot. “Okay. It’s settled. Puntahan mo siya sa opisina niya

mamaya. He'll be expecting you kaya huwag mo akong ipapahiya ulit. Got it, little sis?"

"Fine," bulong niya. It was a De Calibre rule. They could never disobey the elders. Unless they were ready to face the consequences of challenging authority.

Lumabas na si Liezel.

"I'm sorry, Ate Cad, wala akong magagawa para sa 'yo. But if you need help, I'm always just a ring away." Tinapik siya ni Zaira sa balikat bago lumabas at iniwan siya.

"Nandito ba ang mayabang mong boss?" tanong niya sa babaeng kasalukuyang naglalagay ng lipstick.

Balewalang ibinaba nito ang hawak na lipstick at maarteng hinarap siya.

"Okay, let me rephrase the question. Ang boss mong mayabang, nandito ba?"

"Ah, Ma'am, ipapaalam ko agad kay S-Sir Arty na may bisita siya. P'wede ko po bang malaman ang pangalan n'yo?"

"Tell him it's Cadbury De Calibre," aniya.

Akmang iaangat na nito ang telepono nang bigla niya itong hawakan sa braso upang pigilan.

“I changed my mind. Huwag mo na lang sabihing nandito ako. I’ll just surprise him.”

“P-pero, Ma’am, baka po magalit si Sir.”

Naglabas siya ng tatlong libo mula sa pitaka at inilapag iyon sa mesa nito.

“Suhol iyan. Don’t worry, oras na sisantehin ka niya, ipapasok kita sa kompanya namin.” Iniwan niya itong nakatanga at dere-derechong tinungo ang pinto ng opisina ng binata.

Saglit niyang pinasadahan ang nakalagay sa pinto bago walang abisong binuksan iyon. Kulang na lang talaga ay magbuga siya ng apoy sa eksenang naabutan.

Ang hudyong si Arty, may kahalikang babaeng hitad at nakakandong pa rito! Parang gusto niyang kumuha ng machine gun at tadtarin ng bala ang dalawa.

Pero bakit ba siya naiinis nang sobra? Ano ngayon kung may kahalikan itong iba? Lalo siyang nairita nang walang maisip na dahilan kung bakit siya naiinis.

“Hey, don’t you even know how to knock?” asik ng babaeng kahalikan nito sa kanya.

Napataas ang kilay niya nang makilala ito. It was Melai Razon, isang commercial model na papasikat bilang artista. A starlet.

“Are you talking to me?” She twisted her rose-tinted lips.

“Obviously! Sino pa ba ang walang pakundangang pumasok sa opisina ng may opisina? So dense!” Maarteng yumakap pa ito kay Arty.

Gusto yatang sabihin na hindi niya ito puwedeng sagut-sagutin dahil kayakap nito ang boss sa kompanyang iyon. Napaismid siya. Prente pa ring nakaupo si Arty at mataman siyang tinitigan. Mukhang enjoy na enjoy habang nakikitang naiinis siya.

“Do you know me?” mayabang niyang tanong sa babae.

Marahan niyang isinara ang pinto sa likuran niya. She crossed her arms.

“Ikaw, kilala mo ba ako?” hindi papatalong balik nito.

“I do. Kilala ko ang mukha mo,” nandidiring tiningnan niya ang nalislis nitong mini-skirt. “Ang

babaeng gagawin ang lahat para sumikat. Eh, si Mr. Junjun Tan, kilala mo?”

“Why, yes, he’s my manager. He’s also the country’s top movie producer. I’m his newest pet.”

“Friend kasi siya ng Mommy ko, eh. He offered several projects to my mom when she won the *Miss Universe* title. How about I call him right now and tell him to disclaim you as his talent? Hindi ako mapapahindian n’un. Mr. Tan loves the De Calibre family so much.”

Biglang namutla ang babae.

She grinned and continued. “Pero hindi ko gagawin iyon kung aalis ka na ngayon din at iiwan mo kami ng...” Bahagya siyang tumigil upang tapunan ng matalim na tingin ang kanina pa nakangising si Arty. “...unggoy mong lover. Don’t worry, mag-uusap lang kami. Hindi ako pumapatol sa mga Neanderthals.” Itinuro niya ang pinto. “Close it when you leave.”

Mabilis pa sa alas kuwatrong tumayo ang modelo at umalis. Ni hindi na ito nag-abalang ayusin pa ang sarili. Kulang na lang ay kumaripas ito ng takbo. Hindi niya napigilan ang matawa.

Poor girl.

“You really love terrorizing people, huh? Have a seat Miss De Calibre.” Arty motioned the chair in front of her.

Binalingan niya ang hudyo na prente pa ring nakaupo sa swivel chair nito. Padabog siyang naupo.

“It’s not my fault kung natatakot sila.” Nagkibit-balikat siya.

Pinagmasdan niya ang opisina nito. It was very luxurious. Malayo sa barong-barong na tinuluyan nilang dalawa sa isla two months ago. Ipinilig niya ang ulo.

“So, what brought you here?” anito.

“As if you didn’t know.” She rolled her eyes.

“I don’t.” He leaned over to meet her doubtful glare.

“Talaga? Ah, kaya pala nagdala ka ng babae rito sa opisina mo. Kulang na lang ay lumindol dito sa buong building. Golly, you should have gone to a motel room. Napaka-cheap mo talaga.”

“Why do I have this feeling that you are so pissed off with what you saw a while ago?” Ngumisi ito.

“Ayoko lang nakakakita ng kababuyan sa paligid

ko.”

“You must be really jealous.”

“Excuse me?” Napatayo siya. His taunting laugh made her blood boil even more. “Ang kapal talaga ng mukha mo! Bakit ako magseselos, aber?” nakapamaywang na asik niya.

“Because you like me.”

“Hah! Sorry to burst your bubble, Mr. Conceited Jerk, pero kahit kailan ay hinding-hindi ako papatol sa isang nognog na kagaya mo!”

“Oh, yeah? Ah, kaya pala noong nasa isla tayo—”

“Shut up!” she cut off. Ano ang karapatan nitong ipaalala sa kanya ang nangyari sa kanila sa isla? “Manyak ka kasi! Rapist!”

“Liar!” Bigla ang naging pagtalim ng tingin nito.

She saw him grit his teeth. Tumayo ito at naglakad palapit sa kanya. She tried so hard not to move. Ipapakita niyang hindi siya natatakot dito. Tiningala niya ang lalaking tumigil sa harapan niya. He put his firm hands on both sides of her chair’s armrest, imprisoning her. Slowly, he lowered his head toward her. She almost gasped.

“Patutunayan ko sa ’yo na hindi kita pinilit na gawin iyon.”

Instinct told her that he was going to kiss her. So, she hurriedly closed her eyes. Napalunok siya. She felt the same way when their lips first met. And damn her for feeling the same passion she felt when they...

Ang tawa ni Arty ang biglang nagpamulat sa kanya. She felt her cheeks burn like hell. Nakabalik na pala ito sa upuan nito nang hindi niya namamalayan. Hindi makapaniwalang napahawak siya sa kanyang mga labi.

Oh, drat! He didn't kiss me. Ang walanghiya!

“Ngayon mo sabihing rape ang nangyari sa atin,” hamon nito.

“I was sick, you jerk!” giit niya.

“You’re hardly sick right now,” saad nito.

“Y-yes, I am. I’m so sick of your face.”

“Kaya ka pala nagba-blush.”

“I am not blushing!” Napatayo na siya. His grin grew wider. “Darn! This talk is going nowhere. Wala akong mapapala sa pakikipag-usap sa isang kagaya mong *Boy Nognog!*”

“Boy Nognog?” Pinagtaasan siya nito ng kilay.

“Huwag mo nga akong pinagtataasan ng kilay.”

“People say it’s sexy.” His lips carved a very familiar sensual smile.

Pakiramdam niya ay biglang nanuyo ang lalamunan niya. He was indeed sexy. Ipinilig niya ang ulo.

“It’s so gay. And yes, ikaw si Boy Nognog dahil sa balat mong sunog na sunog.”

“My skin is my second best asset. Mas sexy lang daw ang red lips ko kaya iyon ang primary attraction ko. Sayang nga dahil third lang ang pagiging sexy ng pagtataas ko ng kilay.”

“Gosh, you’re crazy.” Kulang na lang talaga ay masabunutan niya na ang kanyang maiksing buhok sa sobrang inis.

Sayang naman ang bob cut hair ko.

“Bahala ka nga!” Tinalikuran niya ito.

Sarap tapunan ng granada!

“You’re leaving?”

She was about to unlock the door when he spoke.

“Apparently. Wala akong mapapala sa pakikipag-usap sa 'yo.” Nilingon niya ito.

“Hindi ka pa nag-so-sorry.”

Napasimangot siya. She almost forgot the reason she barged into his office.

“Bakit hindi mo na lang tawagan si Ate Liezel at sabihing nag-sorry na ako sa' yo? Patatawarin na rin kita sa ginawa mo sa akin sa isla. Then we'll call it quits.” She smiled sweetly.

“No way.” He grinned.

She threw him a sharp look. “Fine! Sorry, okay?” naiinis na sambulat niya. There was no use talking to him. “Heard that? I said sorry. Uulitin ko, I'm sorry! Magsaya ka kasi ikaw ang kauna-unahang mortal na pinagsabihan ko ng salitang iyan.”

“I don't really need your sorry. I want you to pay for it.”

Napangiti siya. “What a shrewd businessman you are. Pera lang pala ang kailangan mo. You should have told me earlier. Magkano? One million? Five? Tell me.” She searched for her checkbook.

“Not everything's about money, Princess,” nanunuyang saad nito.

“Then what do you want?” She stared at Arty’s grinning face. Bigla siyang kinabahan.

“Red wants your sister. He wants her back.”

“That asshole? Ano na naman ba ang kailangan niya sa Ate ko?” Napasigaw siya. She knew what that jerk did to her sister.

“Watch your mouth, woman. I won’t tolerate you trashing my cousin. Not in front of me.”

“I’m just telling the truth. He is the world’s top jerk. You’re next to him.”

“Stop it.”

“Wala kang ipinagkaiba sa pinsan mong manloloko.”

“I said quit it.”

She smirked. Isang katangahan ang ginagawa niyang pakikipag-usap sa isang kaaway.

“We’ll set them up. We’ll help Red trap Ex and make her love him again.” Inayos nito ang suot na necktie at matamang pinagmasdan ang reaksyon niya.

Fortitude was very evident on his handsome face. Tila sigurado itong hindi siya tatanggi. *The nerve!*

“And if I don’t agree?” Humalukipkip siya.

“I’ll tell them about what happened to us in that island.”

Biglang bumulwak ang dugo niya sa ulo dahilang upang magkulay mansanas ang kanyang mukha. Kung sa hiya iyon o sa sobrang galit ay hindi na niya alam. It could be both.

“T-that’s blackmail!” Napaatras siya.

“Yes, it is. Kaya wala kang magagawa kundi ang sundin ang lahat ng sasabihin ko. Hangga’t hindi nababawi ni Red ang ate mo ay hindi matatapos ang kasunduan natin.”

“Paano ako makakasigurong tutupad ka sa usapan?”

“We can have it documented if you want to.”

“What if Ate Ex doesn’t love Red anymore? Paano kung hindi na sila magkabalikan?”

“What Red wants, Red gets. Makukuha ulit ni Red si Ex in no time. Just do everything I say.”

“Papatayin ako ni Ate Ex kapag nalaman niyang nakipagkasundo ako sa isang Neanderthal na katulad mo.”

Beauty And The Beastly - Eunice Xyra

“Hindi lang ang Ate Ex mo ang papatay sa 'yo kapag nalaman ng lahat ang namagitan sa atin sa isla.”

Nanghihinang napaupo siya sa kalapit na settee. She had nowhere to go. Napatingin siya kay Arty.

“Ano'ng kailangan nating gawin para mabawi ng pinsan mo ang ate ko?”

“Be my girl.”

Literal na nanlaki ang mga mata niya sa naging sagot nito. Muntik lumabas ang mga eyeballs niya sa sobrang pagkagulat. Siya, magiging girlfriend nito?

No way highway! As in no way!